MAKABANSA 3
ARALIN 4
TEST REVIEWER

I. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ito ay ipinagdiriwang na ipinaparada ang maraming float na may mga disenyong gawa sa bulaklak.
   a. Pahiyas
   b. Panagbenga
   c. Moriones
   d. Kaamulan
2. Ipinagdiriwang dito ang sinasabing pakikipagkasundo ng mga datu sa mga dating nakatirang katutubo sa isla.
   a. Moriones
   b. Hari Raya Puasa
   c. Kadayawan
   d. Dinagyang
3. Ito ang tanyag na pista ng Davao.
   a. Kadayawan
   b. Kaamulan
   c. Ati-Atihan
   d. Sinulog
4. Nagsusuot ng maskara ang kalalakihang lumalahok sa pagdiriwang na ito.
   a. Ati-Atihan
   b. Moriones
   c. Panagbenga
   d. Pahiyas
5. Pagkatapos ng Ramadan, ito ay ipinagdiriwang ng mga Muslim bilang pasasalamat.
   a. Eid'l Fitr
   b. Eid al Adha
   c. Hari Raya Puasa
   d. Imam
6. Sa pagdiriwang na ito ay nagkakasama ang iba't ibang pangkat-etniko ng Malaybalay, Bukidnon.
   a. Sinulog
   b. Dinagyang
   c. Pasko
   d. Ramadan
7. Pagdiriwang sa Cebu bilang pagbibigay-pugay kay Santo Niño.
   a. Ati-Atihan
   b. Kadayawan
   c. Sinulog
   d. Pahiyas

LIVEWORKSHEETS

8. Pinaparangalan ng pistang ito si San Isidro Labrador, ang santo ng mga magsasaka.
   a. Panagbenga
   b. Pahiyas
   c. Kaamulan
   d. Moriones
9. Ito ay isang buwang pagdiriwang ng mga Muslim.
   a. Hari Raya Puasa
   b. Ramadan
   c. Eid'l Fitr
   d. Eid al Adha
10. Ipinagdiriwang ito tuwing ikatlong linggo ng Enero bilang pagpaparangal kay Santo Niño.
   a. Sinulog
   b. Moriones
   c. Ati-Atihan
   d. Pasko
11. Ito ay magkakasunod na siyam na gabi hanggang sumapit ang araw ng Pasko.
   a. Hari Raya Puasa
   b. Mahal na Araw
   c. Misa De Gallo
   d. Noche Buena
12. Ito ang banal na aklat ng mga Muslim.
   a. Bibliya
   b. Koran
   c. Zakat
   d. Hajj
13. Ito ang tawag sa taong nangangaral sa mga Muslim.
   a. Imam
   b. Pastor
   c. Pari
   d. Pope
14. Sila ang pangkat-etniko na dating nakatira sa lalawigan ng Kalibo, Aklan.
   a. Ilokano
   b. Ati
   c. Ifugao
   d. Yakan

LIVEWORKSHEETS